

1

“Isn’t he gorgeous?” Malawak ang ngiti ni Michelle habang ipinakita nito kay Ryza ang larawan ni Warren James Cervantes, ang panganay na anak ng pinakamayamang angkan sa kanilang lugar sa San Isidro, Zamboanga City.

Tahimik na tinitigan ni Ryza ang lalaking nasa larawan. Gusto niyang mailing. Dinalaw nga siya ni Michelle sa Maynila, pero sa halip na siya ang kumustahin ay si Warren na naman ang paksa ng usapan nila.

Aaminin niyang guwapo si Warren. Very expressive ang mga mata nito na tila ba kay-tiim kung tumitig, matangos ang ilong at perpekto ang pagkakahugis ng labi. He wore his hair long. Bumagay iyon sa medyo pangahang mukha nito. Kahit sa larawan ay hindi maikakaila ang magnetic sex appeal nito. Hindi na siya magtataka kung bakit malaki ang pagkakagusto rito ni Michelle.

Matapos suriin ang larawan ay nagkibit-balikat na ibinalik niya iyon sa pinsan. Napataas ang isang kilay nito sa ginawa niya.

“Why, don’t you find him attractive?” Nasa tono nito ang disbelief.

“Oo na, tama ka na. He is gorgeous.”

Kaagad nabura ang pagkunot sa noo ni Michelle. Parang kinikilig pa ito nang muling magsalita.

“Alam mo ba, Ryza, mas guwapo pa siya sa personal. Marami ngang nag-aalok sa kanyang mag-artista o kaya mag-model, eh. At halos lahat ng kadalagahan sa lugar natin ay siya ang pinapangarap. Hay, how I wish na ligawan niya ako dahil sasagutin ko talaga siya agad,” anitong tila nangangarap nang gising, habang kipkip sa dibdib ang larawan.

Tuluyan nang napailing si Ryza. Sanay na siya sa mga ganoong litanya nito. Sa tuwing magkakausap sila ay wala nang bukambibig si Michelle kundi ang crush nitong si Warren Cervantes. Kung minsan nga ay nakukulili na ang pandinig niya.

Hindi naman sa minamaliit niya ang pinsan; alam niyang napakaganda nito. Pero napakaraming babae ang karibal nito. Bukod pa sa napakayaman ng mga Cervantes. Kung siya ang tatanungin, malabong seryosohin ito ng binata.

“Lukaret ka talaga, Michelle,” aniya. “Hindi kaya kung ano’ng lakas ng sex appeal niya, eh, ganoon din

kataas ang ego niya?”

“Hindi mayabang si Warren, ’no. Tahimik ’yon, kaya napagkakamalang suplado. Pero mabait siya talaga,” pagtatanggol nito sa lalaki. “Siyempre, lumaki siya sa yaman kaya natural lang sa kanya ang maging confident. He has that imposing figure which commands respect, pero marunong siyang makihalubilo sa ibang tao, kahit ano pa’ng katayuan nila sa buhay.”

Napangiti siya. “Mukhang in love ka na talaga d’yan sa prince charming mo. Pero palagay ko may girlfriend na iyon.”

“Ang alam ko, nagkakalabuan na sila ni Sheena. Kaya nga ginagawa ko ang lahat para mapalapit si Warren nang husto sa akin. Para ibaling niya ang atensyon sa akin at ligawan niya ako.”

Natawa siya sa sinabi nito. “Ikaw talaga, kung hindi tayo close, ikakahiya kita,” biro niya.

Bagaman nag-aalala siya para rito, natutuwa rin siya sa pagiging open nito. Walang sekreto itong hindi ipinapaalam sa kanya, masaya o malungkot man. Higit pa sa magkapatid ang turingan nila dahil pareho silang solong anak ng kani-kanilang mga magulang. At isang taon lang ang tanda niya rito

kaya nagkakasundo sila.

Nagkikita lamang sila kapag lumuluwas si Michelle. Pinili nitong magtrabaho sa probinsya nila dahil hindi nito kayang malayo nang matagal sa mga magulang. Siya naman ay matagal nang dito sa Maynila naninirahan. Madalas ay sa sulat at telepono lamang sila nakakapagbalitaan ng pinsan.

Napakunot-noo siya nang makita ang lungkot na bumalatay sa mukha nito.

“O, bakit bigla kang nalungkot?”

“Paano kasi, bihira ko na lang makita ngayon si Warren. Masyado siyang busy. Alam mo bang may business din sila dito ngayon? Mas madalas nga siya rito kaysa sa hacienda. Palagi ko tuloy siyang nami-miss. Kaya nga kapag umuuwi siya doon, hindi ko pinalalampas ang pagkakataong makausap siya.”

“Talaga?” pilit ang interes na tugon niya. Hindi ba nagsasawa si Michelle na pag-usapan ang lalaking iyon?

“Warren is only thirty pero napakaraming responsibilidad na ang nakaatang sa kanya,” kuwento nito, halatang proud para sa lalaking itinatangi.

“Ah, kumusta nga pala sina Uncle Joseph at

Auntie Merlinda?” pag-iiba niya ng usapan. Hindi niya gustong i-discourage si Michelle sa nararamdaman, pero ayaw rin niyang kunsintihin ito sa pagpapaasa sa sarili. Isa pa, gusto niya talagang makibalita tungkol sa mga magulang nito.

Ang ama ni Michelle ang tagapangasiwa sa hacienda ng mga Cervantes. Angat ang pamilya nito kumpara sa tiyahing kumupkop kay Ryza simula nang maulila siya. Sampung taon si Ryza nang sabay na mamatay ang mga magulang sa paglubog ng barkong sinasakyan. Dati ring trabahador ang mga ito sa hacienda. Simula nga noon ay ang tiyahin na ang nangalaga sa kanya. May asawa ito pero hindi nabiyayaan ng anak.

Ang alam ni Ryza, tatlo ang anak ng mag-asawang Cervantes. Dalawang babae ang sumunod kay Warren. Bata pa ang mga ito nang dalhin sa America upang doon mag-aral. Sa pamamagitan lamang ni Michelle kaya kahit paano ay kilala niya ang mga ito.

Nadismaya si Ryza nang wala pang isang linggong nagbabakasyon sa kanila si Michelle ay nagpaalam na itong babalik ng San Isidro. Naka-leave ito ng two weeks mula sa trabaho at nangakong sa kanila

gugugulin ang bakasyon.

“I’m sorry, Ryza. Nakausap ko kasi kagabi si Agnes at sinabi niyang nasa San Isidro raw ngayon si Warren.” Hindi maikubli ang excitement sa mukha nito sa kaalamang iyon.

Tuloy ay parang gusto niyang magtampo rito. Mula nang bumalik si Warren galing sa States ay sa lalaki na lang halos umikot ang mundo ni Michelle. Marami nang naging crush ang pinsan pero sa tingin niya ay seryoso ang nararamdaman nito ngayon para sa binata. Naiintindihan niya ito ngunit hindi pa rin niya maiwasang mag-alala para rito.

“Sobra ka na yatang nahuhumaling sa lalaking ’yan. Ikaw na rin ang nagsabi sa akin noon na marami na siyang babaeng pinaiyak,” paalala niya. “Hindi ka ba natatakot na mapabilang sa mga babaeng pinaglaruan at pinaasa lang niya?”

Sandaling tumigil sa ginagawang pag-iimpake si Michelle at humarap sa kanya.

“Alam kong sasabihin ng iba na napakagaga ko dahil sa paghahabol ko sa kanya, pero wala na akong pakialam.” Nasa mukha nito ang determinasyon. “Hindi lang paghanga ang nararamdaman ko. I’m in love with him, Ryza. He’s my everything. At

nakahanda akong gawin at tanggapin ang lahat, maging akin lang siya.”

Napabuntong-hiningang ginagap niya ang kamay nito.

“I want you to be happy, Michelle. At kung si Warren ang mahal mo, ipagdadadal ko na sana ay siya na ang right guy for you,” nakangiting saad niya.

“Thank you,” bulong nito na yumakap sa kanya.

“Ryza, huwag ka sanang mabibigla sa sasabihin ko,” bungad ni Auntie Martha pagkauwi ng dalaga galing sa pinapasukang opisina. Bakas sa mukha ng matandang babae ang nerbyos.

“Bakit po, Auntie? Ano ho ang nangyari?” tanong niya, di alam kung bakit kinakabahan siya nang husto.

Simula pa kaninang umaga ay nakaramdam na siya ng pagkabalising hindi niya maintindihan.

“Tumawag kanina ang Ate Merlinda,” tukoy nito sa kapatid. “Ryza, si Michelle...” Napahinto ito sa pagsasalita at bigla na lamang umiyak. Batay sa pamumugto ng mga mata nito ay kanina pa nitong ginagawa iyon. Lalo tuloy siyang kinabahan.

“A-ano hong tungkol kay M-Michelle?” untag niya na tila sasabog ang dibdib sa kaba.

Kagabi ay nanaginip siya ng hindi maganda tungkol sa pinsan—malamig daw ito at wala nang buhay. At kaninang umaga ay di-sinasadyang natabig niya at nabasag ang picture frame nito na nakapatong sa sidetable ng kanyang kama. Hindi siya mapamahiing tao, pero may pakiramdam siya na may maling nangyayari.

“P-patay na siya, Ryza.”

“H-ho?” gimbal na bulalas niya. Nanlambot ang kanyang buong katawan at parang gusto niyang himatayin sa narinig. Nag-init ang sulok ng mga matang napailing-iling siya. Nahiling niya na sana ay masamang panaginip lang ang lahat. Subalit ramdam na ramdam niya ang paninikip ng dibdib at ang panginginig ng kanyang buong katawan.

“P-pero paano ho? A-ano ho’ng ikinamatay niya?” Tuluyan nang naglandas sa mga pisngi niya ang di-mapigilang luha.

“Bangungot daw. Kailangang umuwi tayo ng San Isidro sa lalong madaling panahon.”

Humahagulhol na yumakap si Ryza sa tiyahin. Sa isip ay hindi niya matanggap na wala na ang

My Only Hate, My Only Love - Ley-Anne

pinakamamahal na pinsan.

2

San Isidro, Zamboanga City.

Sunud-sunod ang pagpatak ng luha sa pisngi ni Ryza habang nakatunghay kay Michelle na nakahimlay sa loob ng kabaong. Talagang nahihirapan siyang tanggapin na kailanman ay hindi na niya makikita at maririnig pa ang masiglang boses at masayang tawa nito.

Parang kailan lang ay kausap niya ito—punong-puno ng buhay, pag-ibig, at pag-asa. Hindi niya akalain na ito ang kauuwian ng lahat.

Why? Why did you do it, Michelle? mapait na sumbat niya rito sa kanyang isip.

Pinahid niya ang luha at marahang napalinging nang marinig ang pagkakaingay ng mga taong nakikiramay. Malapit sa entrance ng funeral chapel, tanaw niyang humimpil ang isang magarang sasakyan.

Napatiim-bagang siya nang makilala ang matangkad na lalaking umibis doon. Si Warren James Cervantes—ang dahilan ng kasawian at kamatayan ng pinsan niya.

Kahapon, nang dumating sila ng tiyahin dito sa San Isidro ay nalaman nilang hindi talaga bangungot ang ikinamatay ni Michelle. Ayon sa autopsy report, overdose ng sleeping pills ang dahilan. Hindi iyon kaagad ipinagtapat ng mga magulang ng dalaga sa kanila dahil na rin sa kahihyan.

Walang hinala ang Uncle Joseph at Auntie Merlinda niya kung ano ang maaaring dahilan ng pagpapatiwakal ng anak. Ngunit si Ryza ay may duda na. At lalo niyang napatunayan na tama ang iniisip nang mabasa ang diary ni Michelle. Naroon ang katibayan na si Warren Cervantes ang dapat sisihin sa pagpapakamatay ng kanyang pinsan.

Sa halip na dumerecho sa memorial chapel ay sa bahay ng pinsan sila tumuloy. Kasama niyang umuwi ang kanyang Auntie Martha at ang asawa nito. Mga katulong lamang ang nasa bahay. Pagkalapag ng mga gamit ay kaagad na tinungo niya ang kuwarto ni Michelle. Hiram ng luha ang mga mata na inilibot niya ang paningin sa kabuuan ng silid. Maingat niyang dinama ang mga gamit ng pinsan na hindi pa naitatabi, na parang sa pamamagitan niyon ay mararamdaman niya ang presence nito.

Hindi sinasadya, napansin niya ang diary ni Michelle. Pamilyar iyon sa kanya dahil kahit

nagbabakasyon sa kanila sa Maynila ay dala ni Michelle iyon. Hindi niya sana gustong pakialaman ang diary ngunit nanaig ang kanyang curiosity. Hindi na bago sa kanya ang mga nakasulat doon dahil halos lahat ay naikuwento na rin sa kanya ni Michelle.

At sa bawat pahina niyon, tila awtomatikong nakalagay ang pangalan ni Warren Cervantes.

Kumabog ang puso niya nang mabasa ang huling tala. Bumabalik sa kanya ang bawat salitang isinulat doon ni Michelle.

“I was so happy when Warren finally noticed me. We’ve been so close these past few days at umasa ako na lalalim pa ang pagtingin niya sa akin. But I was wrong. Sinabi niyang wala raw siyang espesyal na nararamdaman para sa akin. It hurt. I cannot accept it. Warren is my life, it’s not worth living without him.”

Damang-dama ni Ryza ang kabiguan ng pinsan sa isinulat nito. Awang-awa siya rito at suklam na suklam sa walang-kuwentang lalaking inibig nito.

At ngayon ay narito ang lalaking kinasusuklaman

niya. Nagtatagis ang mga bagang na pinilit niyang kontrolin ang sarili upang huwag itong sugurin at ipagtabuyang umalis.

Gayunpaman, gusto niyang kagalitan ang sarili dahil sa kabila ng pagkamuhi sa lalaki ay hindi rin niya mapigilan ang humanga sa pisikal na katangian nito. Tama si Michelle, iba ang dating nito sa personal. Higit itong guwapo kaysa sa nakita niya sa larawan. Hindi maikakaila ang awtoridad sa anyo nito. Makikita sa mga taong nakikiramay ang malaking respeto para sa binatang namamahala sa hacienda.

Mainit na sinalubong ito ng mga magulang ni Michelle. Halatang itinuturing ng mga ito na isang karangalan ang pagdating doon ng lalaki. Kung alam lang ng mga ito na ang mayamang binata mismo ang dahilan ng pagpapakamatay ng anak! Kung puwede lang niyang isigaw ang katotohanang iyon sa lahat ng mga taong naroon. Nakuyom niya ang mga kamay sa pagpipigil ng galit.

Naramdaman niya ang paglapit ng lalaki sa kanyang tabi. Nang alisin nito ang suot na shades ay napatunayan niya kung gaano kaganda ang mga mata nito. Tila nanunuot iyon sa kanyang kaloob-looban kung tumingin. Hindi nakatakas sa pansin niya ang tila pagrigodon ng kanyang puso nang

magkasalubong ang paningin nila.

Ilang saglit silang nagkatitigan, bago ito nagsalita.

“You must be Ryza.” Baritono ang tono ng boses nito. Parang lalong kumabog ang dibdib niya. “Madalas kang ikuwento sa akin ni Michelle. Ako nga pala si Warren. Warren Cervantes. Please accept my condolences.”

Damn you, it's all your fault! sigaw rito ng isip niya.

Napakunot ang noo ng lalaki nang tinitigan lang niya ang nakalahad nitong kamay.

“Excuse me,” malamig na sabi niya, at saka mabilis na lumayo rito.

Ramdam niya ang nakasunod na tingin nito sa kanya. Hindi marahil nito inaasahan ang pambabalewala niya. Sa mga kuwento ni Michelle, batid niyang sanay ang lalaki na pinaluluguran ng mga kababaihan.

Puwes, hindi siya kabilang sa mga babaeng iyon. Ayaw niyang makaharap at makausap ito. Galit siya kay Warren Cervantes. Ngunit bakit may kung anong damdamin itong ginigising sa kanya? Hindi iyon maaari!

Magdamag na nakipaglamay si Warren. Hindi

natanggi kay Ryza ang obvious na pagpapapansing ginagawa rito ng mga kadalagahang naroon. Ngunit tila hindi iyon alintana ng binata. Blangko ang expression ng mukha nito.

Hindi na ito nagtangka na muling kausapin siya, subalit sa tuwing mapapatingin siya nang di-sinasadya sa direksyon nito ay nahuhuli niyang sa kanya nakatutok ang mga mata ng lalaki.

Kabilang ang mga Cervantes sa mga nakipaglibing kay Michelle.

Doble ang pagdadalamhating nararamdaman ni Ryza at ng mga magulang ni Michelle. Mula sa araw na iyon ay alam nilang hindi na talaga nila makikita pa ang namayapang dalaga.

At higit pa sa iniindang kalungkutan ang galit ni Ryza para kay Warren Cervantes. Hinding-hindi niya ito mapapatawad.

Dalawang linggo ang hiningi niyang bakasyon sa trabaho dahil balak niyang manatili sa San Isidro at hintayin hanggang ang ika-siyam na araw ng kamatayan ng pinsan. Ang kanyang Auntie Martha at ang asawa nito ay mamaya ang luwas pauwi ng Maynila. May maliit na negosyo ang mga ito na

kailangang asikasuhin.

Tahimik pa ang buong kabahayan nang lumabas siya ng silid. Ngayon pa lang nakakabawi ng tulog ang Uncle Joseph at Auntie Merlinda niya mula sa gabi-gabing pagpupuyat sa burol.

Dahil wala pang ganang kumain ay nagkape lang siya. Mula sa bukas na bintana ng kusina ay kita niya ang napakagandang tanawin sa labas. Sakop ng *Hacienda Cervantes* ang lugar na kinatatayuan ng bahay. Libreng nakapaninirahan doon ang pamilya ng kanyang Uncle Joseph mula nang pangasiwaan ng huli ang hacienda.

Lumabas siya at nilanghap ang preskong hangin na mabining dumadapyo sa kanyang katawan. Mula sa kinatatayuan ay abot-tanaw niya ang mayayabong na punongkahoy. Karamihan doon ay puno ng mangga at caimito. Sa bandang silangan ay ang malawak na pastulan kung saan nanginginain ang maraming baka.

Naisipan niyang maglakad-lakad. Matagal na panahon siyang nalayo sa lugar na ito. Nanghihinayang siya na kung kailan siya nakabalik ay saka naman lumisan si Michelle.

Sandaling napawi ang kalungkutan niya habang

pinagmamasdan ang magaganda at makukulay na bulaklak at halaman na nakatanim sa paligid.

Napatda siya nang matanaw ang villa ng mga Cervantes. Wala iyong ipinagbago mula nang huli niyang makita. Halatang well-maintained ang buong bahay. Umusbong muli ang ngitngit niya nang maalala kung sino ang nakatira roon.

Nakatiim-bagang na lumihis siya ng daan. Ang balak niya ay mamasyal na lang sa tabing-dagat. Bago makarating sa baybayin ay mararaan niya ang napakaraming puno ng niyog. Pag-aari rin ng mga Cervantes ang malaking oil-processing factory sa bayan.

Naipilig niya ang ulo. Wala siyang pakialam gaano man kayaman si Warren Cervantes. Napaismid si Ryza sa naisip.

Gulat na napalingon siya nang makarinig ng yabag ng papalapit na kabayo. Naging sunud-sunod ang pagtahip ng dibdib niya nang makita ang lalaking iniisip na nakasakay sa ibabaw ng malaki at magilas na hayop. Kung noon ay hindi niya maintindihan ang ibig sabihin ng 'poetry in motion', alam na niya ngayon.

At habang nakatitig kay Warren Cervantes,

nararamdaman niya kung gaano ito kapanganib. The man was dangerously attractive. Very masculine ang dating nito sa suot na puting polo na ang manggas ay nakarolyo hanggang siko. Nakakalas ang ilang butones niyon kaya nahahantad ang matipunong dibdib nito. Nakapaloob iyon sa faded blue jeans na ang pagkakahapit ay tila nakayakap na sa maskuladong hita nito. Ang laylayan niyon ay nakapaloob naman sa suot na leather boots.

Ilang dipa mula sa kinatatayuan niya ay huminto ang kabayo at bumaba ang binata.

“Hi, good morning!” nakangiting bati nito na humakbang papalapit sa kanya. “Wanna go for a ride? Puwede kitang ihatid kung saan ka man pupunta.”

“No, thanks,” mabilis niyang tanggi, at humakbang na palayo.

Ngunit mabilis din siyang napigilan ni Warren.

“Hey, wait!” anitong hinawakan nang mahigpit ang isang braso niya. Napalitan ng pagtataka ang ngiti sa mukha nito. “Why do I get the feeling that you don’t like me? I could understand your rude behavior sa burol at sa libing dahil nagdadalamhati ka. But aren’t you taking this frosty act a little too far? May nagawa ba ako sa ’yong masama?”

“Sa akin wala. Pero kay Michelle, malaki,” hindi nakapagpigil na sabi niya. Pilit na binawi niya ang braso sa pagkakahawak nito.

“And what exactly do you mean by that?” Mariin ang pagkakabigkas nito sa bawat salita.

“Alam mo bang nagpakamatay ang pinsan ko?” Puno ng panunumbat ang tono niya.

“What? But I... I thought bangungot ang ikinamatay niya?” Makikita ang shock at pagkalito sa mukha nito.

“She overdosed herself with sleeping pills. Hindi niya matanggap ang panlolokong ginawa mo sa kanya. Pagkatapos mo siyang paasahin ay basta mo na lang—”

“Whoa! Hold it right there!” putol ng lalaki sa iba pang sasabihin niya. “For someone who doesn’t know me, you sure have a low opinion of me. What you said was an unjust accusation. Paano ka nakasisigurong ako ang dahilan ng pagsu-suicide ni Michelle?”

“What I know about you is enough, Mr. Cervantes. You have a very nice reputation when it comes to women.” Her tone was sarcastic. “Ang kawawa kong pinsan ay isa lang sa mga naging biktima mo. Masaya ka ba kapag may nasasaktan kang babae? Being ultra-

rich may give you license to do whatever you want, pero may hangganan ang lahat.”

“Mag-iingat ka sa mga sinasabi mo, Miss Santiago.” Matigas ang expression ng mukha nito. “Kailanman ay hindi ko pinaasa ang pinsan mo. Sure, aaminin ko, I enjoyed her company. She was charming and witty, hindi mahirap mahalín. Pero umpisa pa lang ay nilinaw ko na sa kanya na kaibigan lang ang turing ko sa kanya.

“I never gave her any encouragement to think otherwise. I’m really sorry that she took such a drastic move that ended her life. But it’s very unfair to put the blame on me. Malinis ang konsyensya ko.” Tinapunan siya nito ng matalim na tingin.

Ryza remained unmoved. Hindi siya kumbinsido sa mga sinabi nito.

“Kahit ano pa’ng sabihin mo ay hindi na mababago ang katotohanang ikaw ang nagtulak kay Michelle para tapusin ang buhay niya,” aniya. Naramdaman niya ang pamumuo ng luha sa mga mata.

Kaagad na lumambot ang expression ng binata.

“You’re hurting right now and I understand that you need to lash out on somebody to lessen the pain.” Wala sa loob na pinahid nito ang luha sa

pisngi niya. Ni hindi niya napansin na ganoon na pala ito kalapit sa kanya. “Pero sana ay dumating ang araw na mabago ko ang opinion mo tungkol sa akin. Matagal na kitang gustong makilala dahil madalas kang ikuwento sa akin ni Michelle. You’re even more beautiful in person than in the pictures she had shown me.”

Hindi agad nakapagsalita si Ryza. Pasumandaling nakalimutan niya ang galit at tila nahipnotismong napatitig sa lalaki. His eyes were the most beautiful pair she had ever seen. And she was mesmerized with the emotions she saw in them.

Ngunit nang muli nitong hapusin ang pisngi niya ay nagbalik sa katinuan ang isip niya. Mabilis na iwinaksi niya ang kamay nito at humakbang paatras.

“Please don’t waste your breath seducing me. Save it for those who are foolish enough to fall for that act,” nang-uuyam na saad niya bago mabilis ang hakbang na lumayo.

“Magkikita pa tayo, Ryza!” pahabol na sigaw ni Warren.

Not if I can help it! aniya sa isip.

My Only Hate, My Only Love - Ley-Anne

Mula noon ay pinakaiwasan na ni Ryza na muling magkrus ang landas nila ni Warren. Matapos ang pasiyam ni Michelle ay nagpasya na siyang bumalik ng Maynila, kahit may ilang araw pa siyang natitira sa bakasyong hiningi sa opisina.

3

“We meet again.”

Mula sa binabasang magazine ay napaangat ang tingin ni Ryza nang marinig ang pamilyar na tinig na iyon.

At mula sa normal na pagtibok ay naging sunud-sunod ang pagtahip ng kanyang dibdib nang tumambad sa paningin niya si Warren Cervantes. Nakatayo ito sa harapan niya, sa isang sulok ng labi nito ay may namumuong ngiti. Pinatingkad lalo ng ngiting iyon ang kaguwapuhan nito.

Hindi kaagad siya nakapag-react; napatanga lang siya sa binata. Kahit nang umupo ito sa tabi niya ay hindi siya kumibo.

Nasa departure area siya ng *Zamboanga Airport* at hinihintay ang pag-alis ng eroplanong sasakyan niya pabalik ng Maynila.

“Akalain mong nagkasabay pa ang araw ng pagbalik natin sa Manila. Gusto kong maniwalang pinaglalapit tayo ng pagkakataon.” Nang-aasar ang tono nito.

Napatiim-bagang na umusod siya palayo rito. Pilit na ibinalik niya ang atensyon sa magazine kahit ang totoo ay hindi ma-absorb ng utak niya ang mga nakikita roon dahil sa disturbing presence ng lalaking katabi.

Nang tawagin ang pansin ng mga pasaherong patungong Maynila ay mabilis siyang tumayo.

“Allow me.” Bago pa makatanggi si Ryza ay nakuha na ni Warren ang traveling bag na bitbit niya. Napasunod na lang siya nang humakbang ito patungo sa boarding area.

“You don’t have to do this. I can manage,” angil niya. Naiinis siya sa gawi nito na para bang malapit silang magkaibigan.

“A simple thank you will do,” ani Warren, hindi pinansin ang galit niya.

“Hindi ko hiniling na tulungan mo ako.”

Nangingiting umiling na lang ang binata sa isinagot niya.

Dahil sa pagmamadali habang paakyat ng eroplano, natisod siya at kamuntik nang mahulog. Ngunit may matipunong mga bisig na maagap na sumalo sa kanya.

“Easy,” bulong ni Warren, malapit na malapit sa tainga niya.

“T-thanks,” nag-iinit ang pisnging turan niya.

“You’re welcome.” Muling sumilay sa labi nito ang isang pilyong ngiti.

Hindi siya nakaimik. Tila may boltahe ng kuryenteng nanulay sa kalamnan niya dahil sa pagkakadaiti ng mga katawan nila. Halos mabingi na rin siya sa malakas na tibok ng kanyang puso.

Napalunok na kaagad niyang inilayo ang katawan dito. At kahit nanlalambot ang mga tuhod ay pinilit niyang tumayo nang tuwid.

Iniabot nito ang bag niya at tumalikod na.

Nakahinga siya nang pagkaraan ng ilang saglit ay hindi na niya mamataan ang kinaiinisang lalaki. Nasa business class marahil ang puwesto nito.

Ngunit pagdating sa *NAIA* ay muling sumulpot sa tabi niya si Warren.

“Can I offer you a lift?” nakangising alok nito.

Umiling siya bilang pagtangga. *Just leave me alone*, gusto niyang sabihin.

“Bakit ba lagi mong minamasama ang

pagmamagandang-loob ko?” kunot-noong tanong nito. “I’m just trying to be nice.”

“Can’t you take a hint, Mr. Cervantes? It’s because ayaw kitang makausap at makasama. Are we clear? Ayaw na kitang makita pa. Goodbye!” Walang lingon-likod na mabilis na siyang lumakad palayo.

Lihim niyang nahiling na sana ay iyon na ang huling pagkikita nila ng binata. Hindi niya gusto ang damdaming pinupukaw nito sa kanya. Hindi niya dapat kalimutan na ito ang may kasalanan kung bakit nagpakamatay si Michelle. Wala siyang dapat maramdaman para sa lalaki kundi galit.

Isang linggo pa lang na nakakabalik sa trabaho si Ryza nang pulungin sila ng may-ari ng kompanyang pinapasukan. Malungkot na ipinaalam nito sa kanila ang napipintong pagsasara ng naluluging kompanya.

Hindi na ikinagulat ng mga empleyado ang balitang iyon. Papabagsak na talaga ang *RRF Trading Company* noon pa mang nakaraang taon. Ang karamihan ay ang announcement na lamang ang hinihintay kaya nanatili pa roon, para makakuha ng separation pay. Gayunpaman, masamang balita pa rin iyon dahil mahirap maghanap ng magandang

trabaho sa panahon ngayon.

Ang mga sumunod na araw ay ginugol ni Ryza sa paghahanap ng bagong mapapasukan. Marami-rami rin siyang pinag-apply-an bago pinalad na matanggap sa isang malaking kompanya sa Makati—ang *C&C Holding Company, Inc.*

Komportable siya sa bagong trabaho. Mababait ang mga kasamahan niya, lalo na ang immediate boss na si Mr. Regalado.

Magdadalawang linggo na siya roon nang masalubong niya ang pinakahuling taong inaasahan niyang muling makikita.

“Ryza?” Bakas din ang pagkagulat sa mukha ni Warren Cervantes.

“A-ano’ng ginagawa mo dito?” tanong niya bagaman mayroon nang namumuong hinala sa isip.

“I should be the one asking you that. What are you doing in my company?” anitong kinumpirma ang hinala niya.

Oh, my God! Talaga bang pinaglalaruan siya ng tadhana?

“Ako ang bagong secretary ni Mr. Arturo Regalado, ang head sa personnel department.”

“Really? Small world! Naniniwala ka ba na talagang pinagtatagpo tayo?” Nang-iinis ang ngiti nito. “Anyway, welcome to *C&C Holding*, Ryza.” Inilahad nito ang isang kamay, nanghahamon ang mga mata habang nakatitig sa kanya.

Napilitan si Ryza na abutin ang kamay nito. Napapitlag siya nang marahang pisilin ng binata iyon. Kaagad niyang binawi ang kamay.

“Excuse me, Sir. Kailangan ko nang bumalik sa trabaho ko,” aniya sa pilit pinatatag na tinig.

“I’ll see you around,” anito, bago tuloy-tuloy na lumabas ng gusali.

Laylay ang mga balikat na sinundan ito ng tingin ni Ryza. Ano ang gagawin niya ngayon? Hindi niya alam kung bakit pakiramdam niya ay delikado siya sa lalaki. Parang laging nanganganib ang puso niya kapag nagkakalapit sila.

Truth be told, may isang bahagi ng puso niya na natutuwa sa muling pagtatagpo nilang iyon.

“Sir?” di-makapaniwalang untag ni Ryza kay Mr. Regalado.

Ilang araw na ang nakakaraan mula nang huli

silang magkita ni Warren. At ipinagpapasalamat niya na hindi na sila muling nagkasalubong mula noon.

Ngunit bigla ay ipinatawag siya ng immediate superior sa private office nito. Naka-schedule daw for maternity leave ang executive secretary ng big boss at siya ang napili para pansamantalang pumalit sa puwesto ng babae.

Nakangiting tumango si Mr. Regalado. “Don’t look so surprised, Miss Santiago. Kahit sandali ka pa lang dito ay nakita ko nang reliable ka. You’re very efficient, dedicated sa trabaho. That’s why I sent your file to Mr. Cervantes nang sabihin niyang kailangan niya ng temporary secretary.”

“P-pero—”

“This is a good opportunity. Who knows, puwede mong palitan permanently ang executive secretary niya. I heard that she’s thinking of being a full time mother...”

No way! gustong sabihin ni Ryza.

Ang isiping siya at si Warren ay magkakasama nang madalas ay sapat para maalarma siya nang todo.

Pero sino siya para tumanggi? May-ari ng kompanya ang nagbigay ng instructions tungkol sa

temporary transfer niya.

“Gusto ka raw makausap ni Mr. Cervantes mamaya. So just go straight to his office after lunch.”

Napatango na lang si Ryza. Nanlalatang lumabas siya ng opisina ni Mr. Regalado.

Kahit nag-aalangan, pagkatapos ng lunchbreak ay tinungo niya ang executive floor ng gusali kung saan naroon ang opisina ng presidente ng kompanya.

Bumungad sa kanya ang secretary nito. Napakalaki na ng tiyan ng babae at mukhang manganganak na nga anumang sandali.

“Ikaw ba si Miss Ryza Santiago?” nakangiting tanong nito.

Tipid ang ngiting tumango siya.

“Sir, narito na si Miss Santiago,” anito sa iniangat na awditibo. “Hinihintay ka na ni Sir sa office niya.” Itinuro nito ang pinto ng kanugnog na silid.

Lumapit si Ryza roon at mahinang kumatok sa pinto bago marahang binuksan iyon.

Nakaupo patalikod sa kanya ang binata. Nang marinig nito ang pagpasok niya ay dahan-dahang inikot nito ang upuan paharap sa kanya.

“Gusto mo raw akong makausap?” aniya, matapos mag-alis ng bara sa lalamunan.

“Have a seat.” Iminuwestra nito ang isa sa dalawang upuan na nasa harapan ng lamesa nito.

Nang hindi agad siya kumilos ay natatawang tumayo ang binata.

“Come on, ’wag kang matakot. I assure you, hindi ako nangangagat.” Ngunit agad ding naging seryoso ang mukha nito. “Not unless the situation calls for it.” Marahan nitong pinaglandas ang tingin sa kabuuan niya.

Ramdani ni Ryza ang init na dumaloy sa kanyang katawan sa ginawa nito, ngunit hindi siya nagpahalata. Pilit na pinaglalaman niya ang nararamdamang pagkailang. Pasimpleng huminga siya nang malalim bago umupo sa upuang itinuro nito.

“I guess, sinabi na sa ’yo ni Mr. Regalado na simula bukas ay ikaw na ang magiging temporary secretary ko,” saad nito.

“Yes. Isa lang ang gusto kong malaman. Why me?”

“Dahil iyon ang desisyon ko. You’re my choice, end of discussion,” aroganteng sagot nito.

Nagpupuyos ang kalooban na napatayo siya. “Alam ko kung bakit mo ginagawa ito. Nasaktan ko ang pride mo nang tumanggi akong makipagkasundo sa iyo. Gusto mo lang mapatunayan na kaya mo rin akong mapasunod.”

Tumiim ang expression ng mukha ni Warren. Galit na lumapit ito at mahigpit na hinawakan ang mga braso niya.

“Wag mong sagarin ang pasensya ko, Ryza. Nobody talks to me like that. You’re in my territory at kaya kong gawin sa ’yo anuman ang gusto ko!”

“Bitawan mo ako—”

Bago pa niya matapos ang sasabihin ay nakabig na siya ng binata at sinisiil ng halik. Nagpaparusa ang paraan ng paghalik nito; halos sumugat iyon sa malambot niyang mga labi. Nanlalaki ang mga matang nagpumiglas siya ngunit tila bakal na hindi niya matinag ang mga braso ng binatang nakayakap sa kanya.

Napasinghap siya. Parang mauubusan siya ng hininga. It was a mistake dahil sinamantala nito ang pagkakabuka ng bibig niya para palalimin ang halik nito. Unti-unti ay naging masuyo iyon. He kissed her deeply, thoroughly and masterfully.

Hanggang sa nakalimutan na niya ang lumaban. Napapikit siya habang ninanamnam ang init ng halik nito. His lips were warm and demanding, making her forget almost everything. Buong init na tinugon niya ang halik nito. Kung gaano katagal o kung paano natapos ang sandaling iyon ay hindi na niya alam. Iminulat niya ang mga mata at nakita ang satisfaction sa mukha ng binata.

“You’re such a beautiful hellcat, Ryza,” bulong nito at masuyong pinaraan ng isang daliri ang labi niya. “But I can always bend you to my will. Remember that.”

Daig pa niya ang binuhusan ng malamig na tubig. Iyon lang ang gusto nitong patunayan kaya siya hinagkan! Ubod-lakas na itinulak niya ito palayo.

Nag-iinit ang sulok ng mga matang napailing siya. How could she have surrendered to his kisses that way? Nakalimutan na ba niya ang ginawa nito kay Michelle?

“I’m resigning right now. Hindi ko gustong maging secretary mo, Mr. Cervantes.” Pinilit niyang patatagin ang tinig para masabi iyon. Humakbang siya para lumabas na, pero bago niya nabuksan ang pinto ay muling nagsalita ang binata.

“You’re totally mistaken if you think I’ll let you go that easily, Ryza. Kaya kong sirain ang magandang record mo sa lahat ng trabaho na a-apply-an mo.” Seryoso ang mukha nito, katulad din ng tinig nito.

Naramdaman niya ang pag-iinit ng buong mukha. “How dare you! Wala kang karapatang gawin sa akin ito! Hindi ako makapapayag na manipulahin mo ang buhay ko!”

“I can and I will,” mariing sagot nito. “Hinahamon mo ako, and I always enjoy a great challenge. You may leave now. I expect you to be here at exactly nine o’clock tomorrow morning.”

Bilang sagot ay pinihit ni Ryza ang knob at walang lingong lumabas ng opisina ng binata. Isinusumpa niya, pagsisisihan ni Warren Cervantes ang panghihimasok nito sa kanyang buhay.

4

Dahil hindi gaanong nakatulog nang nagdaang gabi ay tinanghali ng gising kinabukasan si Ryza. Na-late tuloy siya sa pagpasok sa opisina.

Naroon na si Warren. Madilim ang expression ng mukha nito.

“You’re late.” Matigas ang tonong ginamit nito.

Kahit galit ay hindi iyon nakakabawas sa kakisigan ng binata. Naka-brush up ang mamasa-masa pa nitong buhok. At dahil bagong ahit ay napakapresko nitong tingnan. Nalalanghap pa ni Ryza ang mamahaling pabangong gamit nito. Warren looked imposing in his business suit.

“Ryza!”

Natigil siya sa ginagawang pagtitig sa binata nang marinig ang pangalan niya . Ilang beses siyang napakurap bago kaagad na ipinilig ang ulo.

“I’m asking you why you’re late,” inip na ulit nito.

“I’m sorry, na-traffic kasi ako.” Gusto niya itong irapan sa tonong ginamit sa kanya. At the same time, napahiya siya sa sarili dahil sa ginawang pag-aaral

sa anyo nito.

“Next time, make an effort to be on time.”

Sermon sa unang araw niya bilang secretary nito? Nakadama siya ng pagrerebelde.

“Ang alam ko, pinilit mo lang ako sa trabahong ito. So, why should I make an effort to please you?”

Nagsalubong ang kilay nito. “I’m warning you, Ryza. You really are trying my patience.” Naniningkit ang mga matang humakbang ito papalapit sa kanya. “I may have forced this job on you, pero binabayaran ka para gawin ito.”

“Bakit kaya hindi ka na lang humanap ng ibang sekretarya at nang hindi ka nagagalit nang ganyan?”

Napahugot ng hiningang sinuklay nito ng mga daliri ang buhok.

“Pag-uusapan na naman ba natin ang tungkol d’yan?” pigil ang inis na tanong nito.

Hindi siya sumagot. Naninibago siya sa sarili. She was not usually argumentative and impolite. Trabaho ang pinag-uusapan nila kaya dapat ay magpakaprofessional siya. Hindi niya dapat ipinapasok ang personal nilang away ni Warren Cervantes sa obligasyon niya bilang secretary nito. Mali siya at

dapat ay kanina pa siyang humingi ng paumanhin.

“We might as well get to work. Too much time has already been wasted,” anito na tumingin pa sa suot na relong pambisig. “Come into my office for dictation.” Nauna na itong pumasok sa silid nito.

Matapos ibaba ang dalang bag sa mesa, kumuha ng lapis at notepad si Ryza at sumunod na rin sa binata.

Habang nagdidikta ay nakatayo si Warren sa bandang likuran niya. Naroong magpalakad-lakad ito, kung minsan ay lumalapit pa sa kanya. Kaya naman hindi niya maiwasang kabahan. She could actually feel the warmth of his body everytime he moved closer, as if her skin had grown acutely sensitive to him. Nahihirapan tuloy siyang sundan ang mga sinasabi nito. Nabibingi yata siya sa malakas na pagtibok ng kanyang puso.

“Are you done?”

Napaigtad siya nang marinig ang tanong na iyon ng binata. Napapahiyang iniwas niya ang tingin nang makitang kunot-noo itong nakatingin sa kanya.

“H-hindi pa.”

“Hindi ka kasi nagko-concentrate. Are you doing

this on purpose?”

“Sorry. Ang bilis mo kasing magsalita kaya hindi ako makaagapay,” pagdadahilan niya.

Sa isang banda, lihim siyang natutuwa dahil habang nagagalit ito, pakiramdam niya ay nakakaganti siya kahit papaano. Nahagip niya ang pilyong ngiti na sumilay sa labi ng binata. Kumunot agad ang kanyang noo.

“Was that your first time?” tanong nito.

“Sa dictation?”

“No, sa paghalik.”

Nag-iinit ang pisnging napayuko si Ryza. The man was insufferable!

Ang totoo, nagkaroon na siya ng boyfriend. Hindi si Warren ang first kiss niya. Ngunit kailanman ay hindi pa niya naranasan ang kakaiba at nakakabaliw na sensasyong ipinadama ng binata sa kanya. He really knew how to kiss, how to savor the taste of a woman’s lips. At ang alaala ng halik nito ang primerong dahilan kung bakit siya nahirapang makatulog kagabi.

“Dahil ba sa halik na iyon kaya distracted ka ngayon, Ryza?” Nakakaloko ang ngiti nito. “And don’t

bother denying that you enjoyed it as much as I did.”

“Can we just get back to work, *Sir?*” Naiinis na ipinagdiinan niya ang pagbanggit ng huling salita. “Pakiulit na lang ang huling idinikta mo para makatapos na ako.”

Napailing ang binata, bakas pa rin sa mukha ang amusement.

His secretary was one of a kind. Tinapos nito ang ginagawang dictation.

“May three o’clock appointment ako mamaya at gusto kong sumama ka to take down notes,” sabi nito pagtayo niya.

Tumango lamang si Ryza at lumabas na rin sa opisina nito.

Alas tres ng hapon ay nasa restaurant na sila upang i-meet ang kliyente ni Warren. Isang may-edad na lalaki na half-Australian umano, ang sumalubong sa kanila.

Ipinakilala si Ryza ng kanyang boss kay Mr. David Robinson. Tahimik lamang na nakikinig si Ryza habang nag-uusap ang dalawang lalaki, panaka-naka ay nagsusulat sa kanyang organizer. Mag-a-alas-cinco

ng hapon nang matapos ang meeting ng mga ito.

“May gamit ka bang naiwan sa office?” tanong ni Warren nang nasa loob na sila ng kotse nito. Umiling siya. “Then you might as well go straight home. Ihahatid na kita.”

“Hindi na kailangan. Kaya kong umuwi mag-isa.”

“Saan ang sa inyo?” tanong nito na hindi pinansin ang pagtanggap niya.

She sighed. “Sa San Juan,” napilitan na ring sabi niya.

Habang tumatakbo ang sasakyan ay wala silang kibuang dalawa. Ngunit may pagkakataong nahuhuli ni Ryza ang pagsulyap sa kanya ng amo.

Takang napalingon siya rito nang bigla nitong ihinto ang sasakyan. Nakita niyang tinawag nito ang isang batang nagtitinda ng bulaklak. Matapos nitong pakyawin ang lahat ng rosas na dala ng bata ay bumaling ito sa kanya.

“For you.” Nakangiting ibinigay nito sa kanya ang mga bulaklak.

“P-para sa akin? P-pero bakit?” Parang sasabog ang dibdib niya sa kaba. Atubili siya kung tatanggapin iyon o tatanggihan.

Pilit nitong inilagay sa kandungan niya ang mga bulaklak. “Isipin mo na lang na pasasalamat ko iyan para sa pagpayag mo na maging secretary ko. Umaasa ako na magkakaroon tayo ng good working relationship.” Pinaandar nitong muli ang sasakyan.

“Thank you.” Iyon ang tanging nasabi niya. Itinago niya ang kasiyahang nararamdaman sa pamamagitan ng pag-amoy sa mga bulaklak.

“Nagustuhan mo ba?” Sinulyapan siya nito mula sa pagmamaneho.

Nag-iinit ang pisnging ibinaling niya lamang ang tingin sa labas ng bintana. Need he ask? Ayaw niyang sumagot sa takot na mabakas nito sa tinig niya kung gaano siya napasaya ng gesture nito.

She should hand it Warren. Hindi na siya nagtataka kung bakit maraming babae ang nahuhumaling dito. He knew how to use his charm and make a woman feel appreciated.

Ganoon ba ang taktika nito sa lahat ng babae? Ganito rin ba kaespesyal ang pakiramdam noon ni Michelle—bago nito nalaman na pinaglaruan lang ito ng binata?

Muli ay hindi niya naiwasan ang malungkot at makonsyensya nang sumagi sa isip ang namayapang

pinsan.

“Why the sad face?” Gulat na napatingin siya sa binata nang marinig ang tinig nito. Nakita niyang nakakunot-noo ito.

“Naalala ko lang ang pinsan ko,” mahinang sagot niya.

Marahas na napabuntong-hininga ang binata. Tiim-bagang na hindi na ito nagsalita at itinuon ang buong atensyon sa daan. Saka na lang siya muling kinausap nito nang magtanong ng direksyon patungo sa bahay nila.

Nang huminto ang kotse nito sa tapat ng tinitirhan niya ay tipid ang ngiting pinasalamatan ni Ryza ang amo.

“Salamat sa paghahatid mo sa akin. Hindi mo na kailangang bumaba para hindi ka na maabala pa nang husto,” aniya. Umakto siyang bababa na ng sasakyan.

“I want to.”

Walang nagawa si Ryza nang umibis din ito ng sasakyan at umagapay sa kanya patungo sa gate ng bahay.

Halatang nagulat ang kanyang Auntie Martha nang mapagsino ang binata. “Mr. Cervantes!”

nakangiting bulalas nito.

“Kumusta ho?” magalang na tugon ni Warren.

“Siya ho ang bagong boss ko, Auntie,” pagbibigay-impormasyon ni Ryza.

“Talaga? Aba’y bakit hindi mo nababanggit sa amin ng uncle mo na sa kompanya ng mga Cervantes ka pala nakahanap ng trabaho?” kunot-noong tanong ng babae. Agad nitong ibinaling ang tingin sa binata. “Halina tayo sa loob, pasok kayo.” Maaliwalas ang mukha nito, halata ang pagkagiliw sa di inaasahang bisita.

“Huwag na ho, Aling Martha. Siniguro ko lang ho na makauwi nang maayos si Ryza. Sa susunod na lang po,” magalang na tanggi ni Warren.

“O sige, mag-iingat ka na lang sa daan.”

“Salamat ulit,” pahabol na sabi ni Ryza.

“See you tomorrow.” Sumakay na ito ng kotse.